# Narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagbabasa sa [dasal ng] Maghrib ng Attur

Ayon kay Jubayr bin Mut`im malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: ((Narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagbabasa sa [dasal ng] Maghrib ng Attur))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang naka-ugalian sa pagdadasal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Siya ay nagpapahaba ng pagbabasa sa dasal ng Al-Fajr,at nagpapa-ikli siya sa dasal ng Al-Maghrib,at katamtaman maliban sa dalawang [dasal ] na ito,mula sa limang beses na pagdarasal.Subalit paminsan-minsan ay iniiwan niya ang kanyang naka-ugalian upang ipahayag ang pagpapahintulot rito,at sa iba pang layunin.Tulad ng naiulat sa Hadith na ito,Na siya ay nagbabasa sa dasal ng Maghrib ng Kabanata " Attur", at ito kabilang sa mahabang nahiwalay.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee